

Huling Tao

Joselito D. Delos Reyes

Mga Nagdaang Proyekto

Linggo-linggo itong proyektong dapat kong iniimbento:
Hinugot sa hanging tesis; hindi patuklas na saliksik;
Kunwaring aklat na bibilhi't babasahin mula sa estante ng guniguni;
Nagmamaang-maangang ulat tungkol sa paksang sinisiguro kong
Hindi mauungkat ng mga paano, hanggang kailan, tungkol saan?

Minsan, itinatanong ni Ina ang napadadalas
Na astang proyektong kailanma'y hindi niya nakita.
At itutugon kong iniawasan ang kaniyang
Matang nang-aapuhap at nag-iimbestiga:
Ganito ang magtatapos, tuwinang abala,
Lubhang mapaghanap ang mga propesor at kapangkat
ng panahon at perang dapat sana'y dagdag
Sa pangkumpuni sa buhay ko noong totoong-totoong
Niluluray ng malansang baha at gunita.

Sa bawat lumipas na Sabado ng nagpapanggap na proyekto,
Inuulat ko ang mga di-hayag na nasang natutuklasan,
Unti-unti—sinasadya kong unti-unti—sinasaliksik
Ang mga ganap na likha ng pandamang hindi mabibili,
Hindi mababasa, hindi mapangangalanan.
Hinding-hindi akademiko, lalong hindi espiritwal.
Maraming mortal na proyektong dapat matapos
Hanggang sa muling pagtatagpo sa susunod na Sabado,
Hanggang sa susunod na takdang magsinungaling
Upang maging tapat ako sa aking banal na gawaing hawanin
Ang tagpuan namin ng totoong-totoo kong anghel.

Victory Pasay

Ikaw nga pala ang huling tao.
Nakakamada na ang buhay-buhay.
Paluwas.
Hapo ka sa larawan ng paglayong
Paulit-ulit na dumarating.
Nakababalisa ang datna't panawan
Kaya pinag-aralan mong mainip,
Magpanggap na naiinip,
Mistulang umaantabay sa buhay-
Buhay na kanina pa nakakamada.
Papadyak ka't pipiksi sa talusirang
Hinintay mo mula sa wala,
At maaalala mo,
Ikaw nga pala ang huling tao.

Alulod

Hindi ako masiyahang lubos
Sa sabog na buhos,
Pantay na puyos ng haplos

Noong panahong dagat pa
Ang totoong Dagat-dagatan.
Kailangang tumakbo,

Magpagulong-gulong,
Hilingin sa Diyos
Na huwag nang tumila.

Dahil walang alulod
Ang looban ko, pupuntahan
Ang kapitbahay, gigisingin

Ang himbing na kalaro
Upang iparamdam: “Ikaw
Lamang ang hindi masaya,

Kasi tuyo ka pa.”
Kagyat siyang tatakbo sa ulan,
Iniihit ng inggit.

Pero ang totoong sadya ko
Ay ang alulod ng kalaro,
Pamilyang may pampalatero,

May buong-buong buhos
Na itututok ko sa ulo.
Muling magtatampo ang Diyos

Dahil sa aking panloloko.
Titila. Magbabanlaw ako
Ng pingot at hilod sa poso.

Mapapapikit ako sa aringking
Ng batong ikinakaskas ni nanay
Sa leeg na malurido. Hindi ako

Tatahan. Hindi kailanman
Pagsasawaan ang ulan.
Hindi alintana ang ragasa

Ng lagnat na papasabalat,
Ng luhang papasamata,
Ng ubong papasapulmo.

Saludsod

Lubhang pamilyar na kuwento ito ng paglalakbay.
Napakarami nang naipit sa ganitong sitwasyon
At nakahihiya nang matawag ka pang biktima.
Hindi na marahil biktima ang hindi makauwi,
Ang kislutin ng nagsesebong alon ng tagbaha.
Karaniwang balitang nagpakawala na ang mga dam;
Umapaw ang estero't hindi nakarating ang draga;
Hindi nasilip ng sulimpat na Doppler ng sulimpat
Na ahensiya ang ulang noong isang buwan lamang
Ay ipinanalangin nang taimtim na bumuhos.
Maiiwan kang mag-iisa kahit na sa iyong paligid
Palingon-lingon ang kapwa mo istranded.
Singkaraniwan ito ng aberya sa pag-uwi sanhi ng traffic;
Tawag sa teleponong nagbibilin: "Ipag-init mo ako ng ulam.
Iyong may sabaw na brutal na papatay sa ginaw mamaya."

Handa ka sa pagkakataong ito kaya't magiliw ka,
Mang-aalok ng adobong mani sa kaibigang nabuksan
Gamit ang susing "Tagasaan ka?" o "Kailan ka pa dito?"
Kasalimbayan ng inip ang mga mahuhuling gawain
Kung liliban sa trabaho kinabukasan. Inasahan mo na ito.
Kaya't mag-iinat ka sa pagkakatayo sa loob ng binabahang 7-11,
Iiwas sa agos ng kapwa biktimang inaanod
Sa bambang ng papasarang gulanit na tiangge at mall.

Mata sa mata ng gabing kinulimbat ng brownout at hangin
Ang huling liwanag na dala ng nagtitipid sa bateryang cellphone.
Itutuwid mo ang iyong humahapding gulugod
Na hinukot ng pagkakahakab sa PUJ, FX, bus.

Ibabali mo ang iyong leeg kahahanap ng kakilala
Bagamat naniniwala kang matalik na kakilala mo na
Ang baha sa Obrero, sa España, sa E. Rod., sa Monumento.
Kumporme sa trabaho o topak ng amo, sisilipin mo
Kung kaya na ng iyong sapatos at dibdib ang sumaludsod,
Sumugod sa ulang dumating na tila magnanakaw.
Lagi kang matapang. Kaya susuyurin mo ng tingin
Ang mga maiiwan. “Mauuna na ako,” kompiyansa mong usal.
Matapos tingalain kung may badya ng tila—at totoong
May badya ng tila!—itatapak mo ang iyong paa sa baha.
Maaalala mo ang isang pilosopong bulagsak
Na itrinumpeta ng iyong napuksang propesor:
Hindi ka kayang puksain ng hindi mo alam.
Walang ihi ng daga, walang bubog, tae, bangkay ng hayop,
Walang eternal na butas ang imburnal,
Walang-walang kuryenteng makakakuryente.
Dalisay ang hindi nakikitang tubig na lalakaran pauwi.
Sa bawat hakbang, pinagninilayan mo ang mainit na hapunan
At hihigaang hindi makakamit ng iyong maiiwan.
May handa kang sipol kung hahantong sa isang bara
Ang baterya ng kanina pa nagpapaalalang cellphone:
Nasa kanilang signal ang iyong nalalabing mundo.

Sasalubungin ka ng mainit na “Buti nakauwi ka kaagad.”
Haharapin mo ang nanabik sa iyong instant noodles.
Sisimutin ang laman ng balitang ipinapalahaw ng transistor.
Baldado ang lahat ng kalsada. Aakbayan mo ang iyong bana.
Sisilipin ang himbing na bunsong binging-bingi na sa kulog.
Isasandig mo sa upuan ang iyong ulong nahapo kalilimi
Sa lubhang pamilyar na kuwento ng kalmanteng paglalakbay
Ng iyong mga naiwang pinagkaitan mong tawaging biktima
Ng panahong nalimutan mo ang ngalan.
O kung may ngalan.

Sa Madadaling Salita^{1*}

Hindi maihayag ni Tatay sa madadaling salita ang sanhi ng kaniyang pag-ika.

Bago magpasko nitong huling milenyo, tuon sa kaniyang pagpapatihulog sa sandaang piyeng bangin sa Alas-asin, Mariveles upang tumakas ang parehong saysay ng pag-ikang noong katatapos ang Kuwaresma ay sanhi naman ng mahimalang pagpapalaya sa munisipyo ng Guagua ng kaniyang yayat na kompanya: humambalos ang kaniyang pigi sa baldosa pag-ilag sa iniyitsang granada ng sakang na taliba.

Karabinero siyang nabaunan ng shrapnel nitong nagdaang Enero habang pinapahiran ko siya ng banal na oleo't lumilisan sa puwesto ang kaniyang ikalawang paboritong pangulo. Maestrekampo siyang naigkasan ng bareta-kabra ng litong Batanggenyo noong isang buwan (kung kailan ipinagdiwang niya ang ika-walo't kalahating dekada ng kaniyang pagbubuntong hininga) sa iba namang rehimenteng nagtulos ng pansamantalang tulay at tabriyesa sa nangungulilang Calauag.

1 * Tulang nagkamit ng Unang Gantimpala sa Talaang Ginto at nagtanghal kay Joselito D. Delos Reyes bilang 2013 Makata ng Taon ng Komisyon sa Wikang Filipino

Noong isang linggo habang nagpapaaraw, artilyero siya ng baterya sa Apalit, umika nang mauhuan ng talaksan ng muwelye ng mga kinukumpuning Willy's. Kinalakhan ko ang kuwentong siya lamang ang nagpaiwang opereytor ng radyo sa signal-iskwad ng dibisyon sa Los Baños. Nahagingan ang hugpungan ng kaniyang gulugod ng balibag-taeng bayoneta galing sa nagipit na istragler na kagyat niyang nailigpit kahit sugatan, ginilitan kahit sugatan matapos mapatumba ng minana niyang teknik na pambuno mula daw sa aming kalolo-lolohan.

Kahit sugatan.

Ito ang bersiyong taunang inuusal ko noon nang nakaingos ang ilong, kuntodo muwestra at aksiyon, sa aking mga kaklase sa elementaryang pawang nakanganga kapag inuusisa ng aking guro kung ano ang ama ko dati, at kung ano ang gusto ko paglaki: kawal. Kahit masugatan.

Ngunit kaiba kay Tatay, hindi ako mabubulag sa glaucomang diumano'y natamo sa binombang trintsera sa Mauban nang umahon ang mga Hapon sanlinggo makalipas ang pinakamalungkot na Imaculada Concepcion sa kasaysayan. Karugtong ng saysay niyang mula sa Los Baños nalipat-destino daw siya sa kakukubkob na Orani, dalawang magdamag daw siyang nanagwan para makapuga sa Binuangan ng maalinsangang Abril nang ipaubaya sa Hapon ng isang Wainwright ang mga Pilipino, peninsula at pulo kaya nabuo't isinilang ang Kuya Ermin noong 1944.

Naging gerilyero si Tatay

ni Marking sa Cabanatuan, yabang niya sa akin habang iniisa-isa ang kaniyang mga minumutyang pilat sa braso't binti matapos mamandaw ng dyakos o magpundo ng bangus, noong panahong ang kakilala at kabatian ko lamang sa digmaan ay ang ibig sabihin ng USAFFE; ang tukuyin sa mapa ang Lingayen, Bataan at Corregidor; kung ilang bituin mayroon sa balikat si Douglas MacArthur; na ang tanging kalaban natin ay German at sundalong Hapon.

Matapos ang Liberasyon, hinango si Tatay sa pag-eengkargado ng palaisdaan sa Pamarawan para maging bantay sa kapitolyo. Bigat lamang ng pistola ang tanda ko sa kaniyang retiro bilang sarhento sa kulungan ng Malolos. Hindi ko na magunitang —ayon sa anasan sa looban— inihele ako ng mga pinaamong pusakal na iniiuwi ni Tatay upang tanuran ako laban sa mga kamag-anak ng kriminal na pinaawit daw ni Tatay saliw ng water cure at sabunot-bulbol; na sanggol pa lamang ay gwardiyado na ako ng mga bilanggong nagpapaareglo, mga Bulakenyong dorobo ng baka at kalabaw sa Liciada, Batia, Siling Matanda at Cacarong Bata.

Nagretiro siyang sarhento sa marahas na kandili ni Gob noong kalakasan ng diktador. Nagpipilak na ang kaniyang mata sa istorya ng digmaan at glaucoma sa tuwing susuriin ng doktor sa Veterans ang kaniyang hindi maghilom-hilom na sugat sa paa, sa tuwing kakayurin ng optalmologo ang ulap sa mata, habang kay bilis na inaagasan ng pilak na balbas ang kaniyang mukhang lagi nang nakayukayok, tuwinang bumubulong na hindi raw siya kailanman naging duwag at palamara.

Binaldado si Tatay ng diabetes habang ako'y ikatlong taon sa hayskul sa seminario-menor na namumulagat sa nangyayaring pila ng pag-asa sa EDSA. Hindi na siya iniimik noon ni Kuya Ermin na bagong pabrikante sa San Miguel Brewery, si Kuya Ermin na maka-Cory pati na ang dalawang kapatid-ko-sa-unang pampublikong titser dahil sa pagtungayaw at panunumbat ni Tatay sa mga-walang-utang-na-loob na anak ilang araw bago ang snap election tungkol sa utang naming atip, kubakob, matrikula, at hininga kay Gob at Marcos; tungkol sa pag-iisponsor sa akin upang maging ganap ang pangarap niyang mamastol at magsutana ang bunsong anak.

Sa pagi-pagitan ng lumalabong tala ng kaniyang sariling digma,
sa pagi-pagitan ng pagpandaw sa dalawang dyakos at bungkos-
bungkos ng alaala niyang naipundar, inihahanda niya ako
sa papasukan kong hayskul sa seminario sa Guiguinto.
“Magkakaanak ako ng pari,” ibibida ni Tatay
sa ministrong laygo matapos ang lingguhang rasyon
ng Katawan ni Kristo habang sakay siya ng gamitin diling wheelchair
na ambag sa kaniyang mobilidad ng noo’y
papapusyaw na ring rehimen, tikas, at pangalan ni Gob.

Sa bawat dayo ng hunta ng kapuwa niya beterano,
nitong bagong bihis na milenyo,
umuuwing umiiling ang mga hukot na dating sarhento
at tinyente ng dapat sana’y pareho niyang digmaan:
“Suson-suson na ang memorya ni Santos,
hindi na magtama ang petsa at lugar at tao.
Ibang giyera na ang alam ng tatay mo, Hijo.
Dalas-dalasan n’yo’ng dalaw sa Veterans.”

Ilang linggo na siyang umiilhi sa salawal
hangga’t hindi ko natatagpuan at ipinaubayang “mulí”
ang inuungot niyang matapat na karbin kahit pa galing ako
sa parokya o sa pamamahagi ng sakramento.
Hindi na siya makaahon sa kuwento
ng limlim na kumakamkam sa kaniyang paningin
kung inaalala kung sino ang una niyang asawa
o napapatda—parang may sinisino sa dulo ng dila—
sa tuwing maririnig ang pangalan ng aking ina, Agatona,
na kay tagal nang nagpauna, noong hindi pa man ako diyakono,
noong ligtas pa ang silong mula sa mga naghaharutang apo.

Hindi na niya wari kung umika siya bago
o habang o matapos ang digmang iba't iba ang hugis sa bawat araw
at oras na maaalala niya ang mga pagsabog sa mga lugar
na hindi na niya matukoy, sa mga pananambang na kaniyang inililigaw,
sa mga reglamentong kinatha niya mula sa gulong
ng kaniyang wheelchair at lumalabo, nanginginig na pagpirma
sa likod ng pensiyong noong huli'y inakala niyang
mandamiento-de-aresto para sa pagtataksil ko,
ang kabong lagi niyang tatwang kasama sa digma't
marapat i-court-martial sanhi ng aking
hindi matinkalang karuwagan.

Magagalit siya sapagkat bantulot ako sa paglusob.
Nagtakip siya ng mata't nagpaigkas
ng nanghihinang suntok habang sumisigaw
ng "Lampa! Lampa! Punyeta!" sa akin
minsang madugong inahit ko ang kaniyang balbas
dahil sa dalas ng kaniyang pilig sa pag-ilag sa taga ng pang-ahit.
Kabo ako imbes na kaniyang bunsong anak,
at sinisindak ng hindi niya
aaprubahang service record ng aking namumukod tanging katangahan.
Katatagpuin daw niya akong putangina sa JAGO
habang binibihisan ko siya isang araw ng Sabado bago mangumunyon.

Minsan, habang hindi magtagpo-tagpo
ang ngalan ng kaniyang mga anak,
sinuhin ang nagsala-salabat na apo,
bigkasin ang ngalan ng dalawang ulit na pambibiyudo,
at mga katotong beterano ng habambuhay na digma,
kinausap siya ni Kuya Ermin upang itanong ang papel at estado
ng kadastral ng aming kinatitirikan, para magkumahog sagutin,
at utusan lamang ang kuya na umamot ng bala
kay Ka Luis sa Palasinan o sa Entablado,
“Hanapin mo, saan mang lupalop ito ng mga diablo!”

“Umika si Tatay nang minsang mag-Metrocom.”

Pagsisiwalat ni Kuya Ermin sa akin kanina

habang nililinisang namin ang looban,

habang hinahawan namin ang kasukalan ng buhay

bago dumating ang serbisyo ng funeraria ni Tatay.

Bago ang unang gabi ng lamay.

Umekstra si Tatay sa raid sa kabilang barangay para padrinuhan

ang kumpareng may konsignasyon, lagi daw kasing napagkakamaliang

kasapi ng KM ang supling na nahawa sa pagluwas-luwas sa PUP.

Inararo ng mobil ng Metrocom na palyado ang preno ang poste sa Poblacion

na ikinatuwa ng mga lihim at nangawalang rebelde’t aktibista ng lungsod,

tagumpay daw ng masa ang permanenteng pag-ika ni Tatay.

Mula noon, patago daw siyang kinilala bilang Patrolman Ampang.

Hindi na ako nagtaka
nang makumpirmang hindi tinamo
sa mas malaong digma ang kaniyang pag-ika.
Sa tirintas ng kaniyang danas,
tanging ang maging opereytor ng signal at maging bantay
ng palaisdaa't kulungan ang naging tiyak na destino ni Tatay.

Wala na ako
sa kaniyang mata bago siya huling pumikit.
Ni hindi niya maalalang may mga anak siyang titser,
may bunso siyang pari, may mga apong nananaginip
maging sundalo, titser, pari. Sa huling kurap marahil
naaaninag niya'y usok ng digmang sinlabo
ng sapin-saping kuwento ng tapang, agresyon,
pamamalakaya, limot na pagmamahal.
Habang ako ngayo'y nag-iisip kung paano madaling mailapit
ang malayo niyang buhay sa kanilang kasalo ko mamaya
sa piging ni Kristo, kung ako mismo'y may malayong ibayong
dapat tawirin sa unang homilyang kailangang usalin
sa hindi madadaling salita, isisiwalat sa mutyang pamanang
magtagni-tagni ng bagamundong guniguni:
sa kung ano ang kaniyang buhay,
sa kung aling digma, kung sino ba talaga si Tatay.